


# PROJECT EASE

( Effective and Affordable Secondary Education )

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA I



### MODYUL BILANG 18



**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**  
**DEPARTMENT OF EDUCATION**  
DepED Complex, Meralco Avenue  
Pasig City



*Manalig Ka at Magtagumpay*

**I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?**

*Nasa Diyos ang awa nasa tao ang gawa.* Marahil narinig mo na ang kasabihang ito. Sa pagharap sa buhay, hindi sapat na ikaw ay matalino at malakas, mahalaga ring may taglay kang pananampalataya upang makamit mo ang tagumpay.

Ilang mga kilalang personalidad sa kasaysayan ng daigdig ang nagpatunay sa pahayag na ito.

Umaasa akong pagkatapos mong basahin at pag-aralan ang bawat pahina ng modyul na ito ay malilinang sa iyo ang mga sumusunod nakasanayan at pagpapahalaga.

- A. Nasusuri ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pananampalataya sa pagharap sa buhay.
- B. Nakapagbabalik-gunita sa mga personal na karanasan na magpapatunay sa kahalagahan ng pananampalataya sa pagkakamit ng tagumpay.
- C. Nakababalangkas ng mga paraan kung paano mapauunlad ang pananampalataya.

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga 1 kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

- 1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain
- 2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
- 3. Basahin at sundin ang direksyon at iba pang tagubilin.
- 4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa tanging kuwaderno sa Edukasyon sa Pagpapahalaga 1.
- 5. Maging matapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng gawain.
- 6. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.  
Bago mo simulan ang gawain ng modyul na ito, sagutin mo ang mga sumusunod na pagsubok.

**II. Handa Ka Na Ba?**

Direksyon: Isulat ang **T** kung ang pahayag ay tama at **M** kung mali.

1. Walang dapat asahan ang tao kung hindi ang kanyang sarili upang umunlad sa buhay.
2. Ang guhit ng tadhana ang dapat maging pamantayan ng tao sa pagharap sa buhay.
3. Pananalig sa Diyos ang kalasag ng tao sa mga hamon ng pang-araw-araw ng pamumuhay.
4. Katangi-tanging pagpapahalaga ng mga Pilipino ang pananalig sa Diyos.
5. Kapag may pananampalataya sa Diyos, hindi na kailangan ng taong kumilos at magtrabaho pa.
6. Nakikipag-usap ang Diyos sa tao sa pamamagitan ng pagtulong sa mga nangangailangan.
7. Ang pagbabasa ng banal na aklat ng relihiyong kinabibilangan ay nagsisilbing gabay sa buhay.
8. Puno ng pag-asa ang mga taong may mahinang pananampalataya.
9. Ang ispiritwalidad ay tumutukoy sa mga bagay na nakikita at nahahawakan.
10. Walang pinipiling kalagayan sa buhay ang pagkakaroon ng matatag ng buhay ispiritwal.

**III. Tuklasin Mo**

Gawain A. *Word Hunt*

Hanapin ang 20 salitang may kaugnayan sa pananalig. Ilan sa mga ito ay pahalang, pababa at pahilis (diagonal). Isulat ang iyong mga makikita. Mayroon ka lamang 15 minuto upang hanapin ang mga ito.

P	A	G	D	A	R	A	S	A	L	M	J	Y	J
A	S	T	I	I	A	M	A	B	K	A	O	R	E
M	L	K	Y	Q	Y	S	K	W	C	B	P	M	S
A	A	Z	O	J	X	O	K	A	D	U	V	A	U
M	N	S	I	M	B	A	S	A	N	H	B	R	S
A	G	P	A	G	P	A	P	A	T	A	W	A	D
H	I	K	A	P	A	Y	A	P	A	A	N	M	P
I	T	T	I	W	A	L	A	G	S	W	L	A	A
N	T	B	I	B	L	I	Y	A	H	Y	Y	M	S
G	P	A	G	I	B	I	G	G	V	C	H	E	K
A	P	P	A	G	A	A	Y	U	N	N	O	C	O
B	I	M	P	I	E	R	N	O	X	V	Z	C	D
M	E	D	I	T	A	S	Y	O	N	W	X	A	A
S	A	K	R	I	P	I	S	Y	O	A	Z	H	I

Sagutin Mo.

1. Nahirapan ka ba sa gawain? Ilang salita ang nahanap mo?
2. Mahalaga ba sa iyo ang mga ito? Bakit?
3. Paano nakatulong sa iyong pagharap sa mga suliranin ang mga ito?

Gawain B.

Magbalik-gunita ka sa mga nagdaang karanasan mo sa buhay.

- Anong mabigat na suliranin o pagsubok ang iyong dinaanan? (kung wala ka pang pinagdaanang ganito sa iyong buhay maaaring ang karanasan ng iba na iyong naobserbahan o nabasa ang iyong isulat).
- Paano mo ito nalampasan?
- Anu-anong pagpapahalaga ang nakatulong sa iyo? Sundin ang pormat sa ibaba sa iyong pagsagot.

*SULIRANIN O PAGSUBOK NA PINAGDAANAN  
SA BUHAY*

*PAANO MO ITO NALAMPASAN?*

*MGA PAGPAPAHALAGANG NAKATULONG*

Basahin mong mabuti ang kwento at sagutin ang mga tanong.

PAGPAPALA

Lumubog ang bangkang sinasakyan ng isang lalaki; mabuti na lamang at nakahawak siya sa isang *life jacket* kaya't nakuha niyang makalutang sa tubig nang buong araw. Hinampas siya ng alon at ipinadpad sa isang islang walang naninirahan.

Matapos siyang makabawi ng lakas ay nagtayo siya ng maliit na bahay na yari sa mga dahon at sanga ng punong nasa isla. Inilagay niya sa kanyang munting tirahan ang lahat na gamit na kanyang nailigtas. Sa araw-araw ay nananalangin siyang iligtas ng Diyos. Araw-araw din siyang tumatanaw sa malayo upang mag-abang ng mga barkong daraan.

Minsan, mula sa kanyang paghahanap ng makakain ay nagulat na lamang siya nang makitang ang kanyang munting tahanan ay nasusunog. Huli na upang iligtas ang mga kagamitang nasa loob nito. Wala nang habol...ano pa ang maaaring gawin? Wala na, ito na ang pinakamasamang nangyari.

Hindi niya alam naging pagpapala pa para sa kanya ang sunog na ito sapagkat namataan ng kapitan ng isang barkong dumaraan ang usok na likha ng sunog kaya kinabukasan ay bumalik ang barkong dala ang kinakailangang gamit at siya ay tinulungan.

Sagutin Mo.

1. Sa paanong paraan ipinakita ng lalaki ang kanyang pananampalataya sa Diyos?
2. Paano siya natulungan ng kanyang pananampalataya?
3. Paano mo ito maiuugnay sa ikalawang gawain?

**IV. Ano Ang Iyong Natuklasan?**

Punan ang hindi tapos na pangungusap sa ibaba batay sa iyong sariling pananaw.

Sa kabila ng aking angking talino at lakas, kailangan ko ang pananampalataya sa Diyos sapagkat

---

---

---

Sa tulong ng Diyos makakaya kong

---

---

---

## V. Pagpapatibay

Maraming kilalang mga personalidad ang nagpapatunay sa kahalagahan ng pananampalataya. Hindi dapat magtiwala ang tao nang lubusan sa kanyang lakas at talino sapagkat maari siyang biguin nito. Nakalulungkot na may mga taong kapag umunlad ang talino ay hindi nakikita ang kanilang pangangailangan sa pagpapa-unlad ng buhay ispiritwal. Ilang siyentista na ba ang tumalikod sa pananampalataya dahil sa pag-unlad ng sariling kaalaman?

Inilahad ni Harold Sala sa kanyang aklat na *Pagtatagumpay sa Pakikibaka sa Sarili* ang pahayag ni Charles H. Townes, isang *Nobel prize winner*. Sinabi niya:

*Ngunit ang pananampalataya ay mahalaga rin sa siyensya, bagaman di kinikilala ng siyensya ang pangunahing pangangailangan dito at ang kalikasan nito kaugnay ng siyensya.*

*Ang pananampalataya ay kailangan ng siyentista para siya makapagsimula; kailangan niya ang malalim na pananampalataya upang makapagpatuloy siya sa mas mabigat niyang gawain. Bakit? Sapagkat dapat siyang magtiwala nang may kaayusan sa kalawakan, at ang isip ng tao.*

Kaugnay din ito ng pahayag ng dating Unang Ginang ng Estados Unidos na si Gng. Eleonor Roosevelt na:

*Ang pananampalataya sa Diyos ay higit na mahalaga kaysa sa pananampalataya sa sarili at kapwa. Dito nakasalalay ang ating ugali at ang sibilisasyon ay naitatag bunga ng ugali.*

*Ang pananampalataya sa Diyos ay tulad ng hindi matitinag na batong sandigan ng ugali ng pinakamarangal na tao. Ito ang nagdudulot ng kalakasan at katatagan, ng aliw at lakas ng loob sa gitna ng kabiguan.*

*Ang pakikipagniig sa Diyos ay nagpapaligaya at nagpapayaman sa buhay. Ang pananampalataya sa Diyos ay nakapagdudulot ng kapayapaan at kagalakang hindi maibibigay o maaagaw ng sanlibutan.*

Bata ka pa, marami ka pang mararanasan sa buhay, mahalagang sa murang edad mong iyan ay simulan mo ng paunlarin ang iyong pananampalataya sapagkat ito ang iyong magiging kalasag sa pag-unlad.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

1. Bakit mahalagang magkaroon ng pananampalataya ang tao?
2. Anu-anong mga hakbang ang maaari mong isagawa upang mapaunlad ang iyong pananampalataya? Isulat mo ang iyong sagot sa mga baitang ng hagdanan sa ibaba.



## VII. Gaano ka Natuto?

Isulat ang **I** kung ang pahayag ay tama at **M** kung Mali.

1. Malaya ang taong pumili ng relihiyong kanyang sasamahan.
2. Ang pagbabasa ng banal na aklat ay paraan ng pakikipag-usap ng tao sa Diyos.
3. Ang pananalangin ay paraan ng pakikipag-usap ng tao sa Diyos.
4. Paniniwala sa Dakilang Lumikha ang kalasag natin sa pagtatagumpay.
5. Higit na matatag sa pagharap sa mga pagsubok sa buhay ang taong nananampalataya sa Diyos.
6. Sa kabila ng iba't ibang relihiyon, iisa lang Diyos na lumikha sa lahat.
7. Kahit makapangyarihan at labis ang talino ng isang tao, mahalaga pa ring paunlarin niya ang kanyang pananalig sa Diyos.
8. Ang kalikasan at lahat ng nasa daigdig ay palatandaan ng isang makapangyarihang Manlilikha.
9. Ang mithiin ng tao ay makakamit sa pamamagitan ng sariling pagsisikap lamang.
10. Madaling mawalan ng pag-asa ang taong malapit sa Diyos.

### **VIII. Sanggunian**

Mihalik, Frank. 1997. *The Millenium Stories*. Manila. Logos Publications, Inc. p. 124

Sala, Harold J. 1997. *Pagtatagumpay sa Pakikibaka sa Buhay*. Manila. OMF Literature, Inc. pp. 171-172.

### **IX. Susi sa Pagwawasto**

#### **Handa Ka Na Ba?**

1. M
2. M
3. T
4. T
5. M
6. M
7. T
8. M
9. M
10. T

#### **Gaano ka Natuto**

1. T
2. M
3. M
4. T
5. T
6. T
7. T
8. T
9. M
10. T